

Marso 23, 2020

Mahalagang abiso mula sa Departamento ng Serbisyong Pangkaunlaran tungkol sa **Paggawa ng mas Ligtas ma Tahanang Medikal**

Ano ang dapat malaman

Ang mga sentro ng rehiyon at mga tauham ng ilang uri ng mga tahanan kung saan ang mga tao na may maraming medikal na pangangailangan ay naninirahan ay kailangn sumunod sa bagong mga palatuntunan upang makatulong na gawing ligtas ang mga tao mula sa COVID-19.

Ang bagong palatuntunan ay para sa dalawang uri ng mga tahanan:

- Residensiyal na Pasilidad para sa mga Adulto para sa mga Taong may Espesyal na Pangangailangan sa Pangangalaga sa Kalusugan o Adult Residential Facilities for Persons with Special Health Care Needs (ARFPSHN)
- Pasilidad ng Intermedya na Pangangalaga o Intermediate Care Facilities/Patuloy na Pag-aaruga sa mga Kapansana- sa- Kaunlaran o Developmentally Disabled-Continuous Nursing (ICF/DD-CN)

Kaligtasan sa Tahanan Mga paraan upang makatulong sa pagkalat ng COVID-19 :

- Lahat ng mga bisita at mga residente ay maii-screen para sa lagnat at ibang mga sinyales ng may sakit.
- Ang mga tao na may lagnat na mas mataas sa 100.4° F o sintomas ng COVID-19 ay hindi maaaring bumista.
- Ang mga tauhan na nagkaroon ng sakit ay hindi maaaring bumalik sa trabaho hanggat ang lokal na

departamento ng kalusugan ng county ay nagsabi na maaari silang bumalik.

- Lahat ng naninirahan sa tahanan ay dapat manatili sa kanilang silid kung maari, o di kaya'y panatilihin ang 6 na talampakan mula sa ibang tao.
- Ang mga tauhan na hiniling na magtrabaho lamang sa isang lugar ay makakakuha ng dagdag na pagsasanay kung paano maiwasan ang panganib ng impeksyon.

Mga Katanungan?

Makipag-ugnay sa iyong lokal na sentro ng rehiyon. Kung hindi ka nila matulungan, paki-email sa DDSC19@dds.ca.gov.

Dagdag na Kaalaman

Tignan ang [Mga Indibidwal at mga Pamilya](#) na seksyon sa website ng DDS para sa karagdagang impormasyon tungkol sa COVID-19.